

Chapter One



“**A**da Marie! Nasusunog na ’yang niluluto mo!”
Tarantang tinungo ni Ada ang kusina at dali-daling pinatay ang kalan. Umuusok na ang kawali at sunog na sunog na ang piniprito niyang isda.

“Maryosep kang bata ka!” Lagot na.

“Sorry po, Nana Mameng,” aniya rito. Niyakap niya ito nang mahigpit upang huwag na siyang makurot pa nito.

Alam niya ang kiliti ng matanda. Isang mahigpit na yakap niya lamang dito at kaunting lambing ay lumalambot na ang puso nito sa kanya.

“Nalimot ko kasi.”

Napailing na lamang ito at pinaalis na siya sa kusina. Ito na lamang daw ang bahala sa kung ano ang kakainin nila para sa hapunan.

Ang Nana Mameng na ang tumayo niyang magulang mula nang mamatay ang kanyang tunay na mga magulang noong grade six siya. Pinsan ito ng kanyang ama at siyang taga-alaga niya noong bata pa siya.

Hindi na siya nito iniwan nang malamang mag-isa na lamang siya dahil sa trahedyang nangyari sa mga magulang niya. Namatay ang mga ito sa isang plane crash nang pauwi na ang mga ito mula sa bakasyon sa ibang bansa.

“Halika na, Ada Marie, at kumain na tayo.”

Hindi na niya namalayang gabi na pala at madilim na sa loob ng kanyang silid. Ang ilaw na pambasa ay nanggagaling lang sa kanyang table lamp.

“Ano’ng ulam, Nana?”

Natawa ito sa tanong niya. “Ginisang corned beef,” sagot nito, sabay labas ng kuwarto niya.

Natatawa siyang sinundan na ito sa hapag-kainan.

Maaga siyang natulog. Kinabukasan ay maagarin siyang kumilos.

Naisipan niyang tumambay na muna sa

TriNoma at magbabad sa book store bago tumulak pa-Makati para sa kanyang job interview.

“Miss, meron na ba kayong kopya ng *Gone Girl*?”

“Sandali po, Ma’am, check ko lang,” anang isa sa mga sales attendant ng book store na kanyang pinasok.

Habang hinihintay ay tumingin-tingin sa paligid ang dalaga. Tinungo niya agad ang young adult section at inisa-isa ang bawat shelf.

Ang magbabad sa book store ang tanging activity na tunay na pinagkakaabalahan ni Ada. Matapos bayaran ang biniling libro, dali-dali na siyang nagtungo sa MRT at tumulak na papuntang Makati.

Habang nasa train ay sinimulan na niyang basahin ang librong binili. Wala siyang pakialam sa paligid niya, nakatayo siya malapit sa pinto at nakahawak sa steel handle malapit dito. Hindi niya namalayan ang pagbukas ng pinto sa Ortigas Station. Bigla siyang natabig ng lalaking nagmamadaling pumasok.

“Ay, ano ba ’yan!”

“Sorry, Miss,” anito sa kanya at saka yumukod upang abutin ang libro niyang nabitiwan.

Hindi niya ito tiningnan masyado dahil naka-

focus ang mga mata niya sa cover ng kanyang libro. Natupi ito at nalukot. Inis na inis siya!

“Hmph!” maktol niya habang inaayos pilit ang libro. Nilingon niya ang lalaking nakatabig sa kanya, sabay sabing, “Next time look where you’re going, ha!”

Hindi niya gustong singhalan ito, ngunit isa sa mga kinaiinisan niya ay ang malukot ang libro niya, lalo pa at bagong bili ito.

“I’m really sorry,” anito uli, sabay talikod na sa kanya.

Lalong nainis dito si Ada, ngunit mas pinili na niyang huwag itong pansinin. Tumingin na lamang siya sa labas at inalis ang inis.

Hindi siya maaaring humarap sa interviewer niya na ganito.

“Oops, sorry!”

Muntik na siyang madapa palabas ng pinto ng train. Natabig na naman siya ng lalaking nakatabig sa kanya sa Ortigas Station.

“My goodness!” bulalas niya. “Mag-ingat ka naman!”

Akmang aalalayan siya nito, ngunit dali-dali na siyang naglakad. Inirapan niya ito nang lingunin at nakita niyang amused itong nakatingin sa kanya.

“Disaster Man,” mahinang usal niya. Iyan ang

dapat itawag sa lalaking tulad nito. Kahit na gaano pa ito kaguwapo at matipuno.



Executive assistant. Pinaganda lamang na tawag ngunit sa madaling salita ay future sekretarya siya ng CEO ng ina-apply-ang kompanya.

Natapos ng kursong Psychology si Ada at balak sana niyang pumasok bilang isa sa mga human resources assistants ng kompanya. Ngunit matapos siyang ma-interview ng head ng human resources, nagulat na lamang siya nang sabihing may open silang position sa Office of the CEO at ito nga ang assistant ng mismong top honcho ng company.

Naghahanap daw ng fresh graduate ang boss nila dahil nagsawa na sa mga palpak na naging assistants.

That's off the record, according to the HR head.

Magaan lamang daw ang loob nito sa kanya for some reason kaya nasabi nito iyon. She made Ada promise not to tell anybody about what she said. And she did.

Hindi niya namalayang um-oo na pala siya at heto nga siya sa reception area ng Office of the CEO at naghihintay na tawagin.

“Miss Alanto, you may go inside the boss’s

office now,” anang mala-supermodel na babaeng nakatayo sa reception area ng malaking opisina.

Tumango lamang si Ada at dumiretso na sa pintong nasa dulo ng mahabang hallway. Dahan-dahan niyang binuksan ang pinto. Narinig niya ang isang baritonong boses na tila galit sa kausap nito.

“Jake, I told you to concentrate on the project you are handling right now. I didn’t tell you to take on another project!”

Nakatayo ang lalaki, nakatalikod sa kanya, nakaharap ito sa glass-paneled wall kung saan matatanaw ang kabuuan ng Paseo de Roxas Avenue.

Isang malaking glass desk ang napapatungan ng ilang folders at isang laptop. Bukod doon ay walang kahit na ano pang knick-knacks sa ibabaw ng mesa nito. Parang cold ang dating sa kanya ng mesa, sa totoo lang.

“I will call you back. I have someone to interview. Jake, I am warning you, drop the new project or I will cut you out of the loop!” anito sa kausap sa cellphone bago ini-off iyon at humarap na sa kanya.

“Y-you!”

“So, we meet again.”

OMG! Ito ang lalaking nakabangga sa kanya

nang hindi iisang beses lamang nitong araw na ito!

Hindi niya malaman kung aatras ba siya o uupo sa itinuturo nitong sofa sa gilid ng mesa nito.

“Have a seat,” anito.

Pormal ang mukha ng lalaki ngunit nababanaag niya ang amusement sa mga mata nito. Lumapit ito sa kanya at doon lang niya napansin na matangkad pala ito. Marahil ay six footer ito at matipuno talaga ang pangangatawan tulad noong una niyang obserbasyon.

Against her better judgment, sumunod siya rito sa sofa at umupo. Nang makaupo siya ay saka ito umupo sa katapat na upuan. Gentleman.

“Mr.—”

“Gavin Saavedra,” anito, sabay lahad ng kanang kamay nito sa kanya. “And you are...?”

“Ada Marie Alanto.”

Nagkamay sila at may kakaibang kuryenteng nanalaytay mula sa pinagsugpong na mga kamay nila patungo sa kanyang katawan. Nagsalubong ang kanilang mga tingin at parang ito man ay naramdaman ang kuryenteng iyon. Ngunit bigla itong tumikhim at dumiretso ng upo.

“Ada Marie.”

“You may call me ‘Ada’, Sir.” Ang Nana Mameng lamang niya ang tumatawag sa kanya sa buo

niyang pangalan.

“And you may call me ‘Gavin’,” anito. “I would like my assistant to be on a first-name basis with me,” dagdag pa nito. “Look, I am sure HR already told you why you are here.” Tumango siya. “I am sick and tired of getting assistants who suck at being one. Naisip kong mag-try ng fresh graduate dahil wala akong suwerte sa mga experienced na.

“Now, I only have three questions I need you to answer. First, are you tough? Second, can you work on unconventional hours? And, lastly, can you keep up in a fast-paced environment? If you say ‘yes’ to all three questions, then I am willing to try and hire you on the spot.”

Nanlaki ang mga mata ng dalaga sa narinig. She could easily say ‘yes’ to all his questions and on the spot ay may trabaho na agad siya at sa isang kilalang kompanya pa! Hindi niya malaman kung sasagot na ng oo rito.

“Ano’ng masasabi mo, Ada Marie?”

“Just Ada,” awtomatikong sagot niya.

“I like Ada Marie better,” saad nitong obvious na amused na amused sa kanya. Kung bakit ay di niya malaman. “It has character than just plain Ada.”

Hindi niya napigilan ang sarili. She rolled her

eyes at him. “Sir—”

“Gavin,” putol nito sa sasabihin niya.

“Uhm... Gavin, can I ask you something?”

Tumango ito. “What do you mean by being tough? And how come the position entails working on unconventional hours? Ibig mo bang sabihin by ‘unconventional’ ay madaling-araw?”

He sat a bit closer to her. Halos magtama na ang kanilang mga tuhod sa pagkakaupo nito. Gusto man niyang umatras nang kaunti ay pinigilan niya ang sarili.

Malakas ang pakiramdam niyang pagtatawanan siya ng lalaki kapag ginawa niya iyon.

“I need someone tough to work with me because I am not a very nice person. I am passionate about what I do and I need someone as passionate as me by my side.” Nailang siya sa pagkakatatig nito sa kanya. Parang may ibang kahulugan ang sinasabi nito. “And by ‘unconventional’, I mean you will be on call. Not all the time but there will be days when I won’t ask you to come in the morning, but work with me from early evening until around midnight or so.”

Hindi malaman ni Ada kung matatawa ba siya sa sarili niya.

Nakaramdam siya ng excitement sa klase ng

trabahong ino-offer ng lalaking kanyang kaharap. Excited siya dahil alam niyang kaya niya itong sabayan sa trabaho. Iyakin siya but she could be tough. At higit sa lahat, gusto niya ang mga taong very passionate sa trabaho nila.

“I want to be provided with a laptop of my own, a cellphone I can use solely for work, and a car service when I am needed from eight in the evening onwards, G-Gavin.”

Tumayo ang lalaki at nagmuwestrang sumunod din siya. Inilahad uli nito ang kamay sa kanya at nakangiti na ito ngayon.

“Welcome to *Saavedra Enterprises*, Ada Marie! I hope you are ready to start work today.”

